HILINGIN ANG BIYAYA NG BATANG HESUS

Ang kapayapaan ng Panginoon ay sumainyo.

Ngayong taon ay ipagdiriwang natin ang kapanganakan ng Panginoon habang sinusubukang hanapin ang balanse sa pagitan ng pag-iwas sa infection mula sa new coronavirus at buhay panlipunan.

Ang batang Hesus ay isinilang sa mundong ito ng pagdurusa at pagkabalisa, at tinanggap ito ng marahan. Tayo'y manalangin sa Batang Hesus.

- ✧ Protektahan mo po kami sa pakikiharap sa panganib na infection ng coronavirus.
- ✧ Pagkalooban mo po ng walang hanggang kapayapaan ang mga sumakabilang-buhay at aliwin ang mga naulila.
- ✧ Bigyan Mo po ng kagalingan at kalusugan ang mga may sakit.
- ✧ Pangalagaan mo nawa ang kaligtasan at kalusugan ng aming mga healthcare professionals.
- ✧ Palakasin mo po ang bigkis ng mga taong hindi makakapiling ang kanilang mga pamilya at mga kaibigan sa panahon ng Pasko at Bagong Taon.
- ✧ Protektahan mo po ang mga nag-iisa mula sa isolation (pagkakabukod).
- ✧ Bigyan mo po ang mga nangangailangan.
- ✧ Isulong mo po ang muling pagtatayo ng buhay ng mga nasalanta ng mga sakuna.
- ✧ Protektahan mo po ang mga dayuhan at mga technical intern trainees.
- ✧ Bigyan mo po ng tapang ang mga taong nagaabot ng tulong na may kasamang pagmamahal.

Sa iyong kabutihan, Panginoong Hesus, dinggin mo ang aming mga panalangin. Amen.

✠ Paul Yoshinao Otsuka
Obispo ng Kyoto
Disyembre 24, 2020